
# Mga tips para bawasan ang pinsala dulot ng lindol

Ligtas ba ang pamilya ninyo kapag may lindol habang nasa bahay sila?
Gumawa kayo ng safety measures tulad ng pagpapatibay ng bahay at pagkakabit ng anti-topple bracket sa mga kasangkapan para maging safe ang bahay ninyo.



Poppo-Kun
Mascot ng Saitama Police

## • I-check ninyo kung gaano katibay ang bahay ninyo laban sa lindol.

Noong 1981, nagbago nang malaki ang quake-resistance standard sa mga bahay.
I-check ninyo kung kailan ipinatayo ang bahay ninyo para malaman ninyo kung gaano ito katibay.

○ Kung ipinatayo ang bahay ninyo bago 1981

⬇

Ipa-check ninyo sa expert ang bahay ninyo at ayon sa resulta ng pagche-check niya, gumawa kayo ng paraan para maging mas matibay ito.



○ Kung ipinatayo ang bahay ninyo pagkatapos ng 1981

⬇

Kahit ipinatayo ang bahay ninyo alinsunod sa bagong quake-resistance standard, maaari itong masira o mapinsala kung may lindol.
Magiging luma ang bahay ninyo sa paglipas ng panahon. Paminsan-minsan, kailangan ninyong ipa-check at ipaayos ito.



## • Ilagay ninyo sa tamang lugar at kabitan ninyo ng anti-topple bracket ang mga kasangkapan.

Noong nangyari ang mga malakas na lindol katulad ng Great Hanshin-Awaji Earthquake noong 1995 at ng Kumamoto Earthquake noong 2016, maraming tao ang namatay at lubhang nasugatan dahil sa nabagsakan sila ng mga kasangkapan sa loob ng bahay nila.
Kailangan ninyong ilagay sa tamang lugar ang mga kasangkapan at kabitan ninyo ng mga anti-topple bracket ang mga ito para hindi kayo mabagsakan kung may lindol.


○ Kailangan ninyong isipin kung paano o saang direksyon babagsak ang mga kasangkapan kung may lindol.

○ Ilagay ninyo sa iisang kuwarto ang mga malaking kasangkapan at huwag ninyong gamitin ang kuwartong ito bilang bedroom o sala.

○ Gamitin ninyo ang mga built-in furniture.

○ Huwag ninyong ilagay sa bedroom ang mga kasangkapan.

○ Kabitan ninyo ng mga anti-topple bracket ang mga kasangkapan para hindi bumagsak ang mga ito kung may lindol.
※ Kung nangungupahan kayo ng bahay at hindi ninyo puwedeng butasan ang mga dingding, gamitin ninyo ang ibang device katulad ng earthquake-proof stopper, anti-slip mat at tension pole. Kung maaari, gamitin ninyo ang dalawa o mahigit pa sa dalawang device sa bawat kasangkapan para hindi madaling bumagsak ang mga ito.



## • Maghanda kayo ng emergency bag.

Kung minsan, kailangan ninyong lumikas agad sa ligtas na lugar kung may kalamidad. Dapat laging nakahanda sa bahay ninyo ang emergency bag.
Makikita ninyo sa website ng Saitama Police ang checklist para malaman ninyo kung ano ang mga gamit na kakailanganin ninyo sa oras ng kalamidad.